# Project EASE

(Effective and Alternative Secondary Education)

## ARALING PANLIPUNAN I

## MODYUL 19
## ANG PILIPINAS SA KASALUKUYANG PANAHON NG PAGPAPATATAG

BUREAU OF SECONDARY EDUCATION
Department of Education
DepEd Complex, Meralco Avenue
Pasig City

**MODYUL 19**
**ANG PILIPINAS SA PANAHON NG PAGPAPATATAG**



Nasa ika-labingsiyam na modyul ka na ngayon. Sa mga naunang aralin, nalaman mo ang iba't ibang hamon na kinaharap ng pamahalaan ni Pangulong Corazon Aquino. Sa kanyang pamamahala, unti-unting tumibay ang mga saligan ng demokrasya. Kaakibat nito ang muling pagbangon ng Pilipinas bilang isang bansang nagpupunyagi sa Asia sa gitna ng pandaigdigang pagbabago sa pulitika, kalakarang pang-ekonomiya, at teknolohiya.

Ang modyul na ito ay tatalakay sa mga pagbabagong pandaigdigan sa pagpasok ng dekada nubenta. Titingnan kung papaano hinarap ang mga pagbabagong ito ng pamahalaang Fidel Ramos, Joseph Ejercito Estrada at Gloria Macapagal-Arroyo. Tutugunan din ng mga aralin ang mga aral na ating natutuhan sa mahahalagang kaganapan sa mga panahong ito katulad ng EDSA DOS. Ang mga aral na ito ay maaaring maging saligan tungo sa isang bansang mapayapa at maunlad sa kasalukuyang panahon ng pagpapatatag.



May limang aralin sa modyul na ito:

- Aralin 1: Ang Pilipinas sa Panahon ng Globalisasyon at Pandaigdigang Pagbabago
- Aralin 2: *Philippines 2000* at ang Pilipinas Sa Pamamahala ni Pangulong Fidel Ramos (1992-1998)
- Aralin 3: "Erap Para sa Mahirap" - Ang Pilipinas sa Panahon ni Pangulong Joseph Estrada (1998-2001)
- Aralin 4: EDSA na NAMAN! Ang Pilipinas sa Nagbabagong Anyo ng Pulitika at Pamumuno
- Aralin 5: Tungo sa Isang Matatag na Republika: Pilipinas sa Pamamahala ni Pangulong Gloria Macapagal-Arroyo (2001 – kasalukuyan)

Pagkatapos ng modyul na ito, inaasahang iyong:

1. Matutukoy ang mga pandaigdigang pagbabagong nagaganap sa larangan ng pulitika, ekonomiya, at teknolohiya sa pagpasok ng dekada nubenta at ang epekto nito sa Pilipinas;

2. Mailalahad ang mga suliraning hinarap ng mga administrasyong pinamunuan nina Pangulong Fidel Ramos, Joseph Ejercito Estrada at Gloria Macapagal-Arroyo sa pagpapaunlad ng bansa;

3. Maipaliliwanag ang mga mahahalagang programa ng bawat pamahalaan upang tumugon sa mga suliraning pang-ekonomiya, pampulitika at panlipunan; at

4. Mapahahalagahan ang alaala ng EDSA 1 at 2 sa pamamagitan ng pagtukoy sa mga mahahalagang aral, kaganapan at tauhan na bumuo sa makasaysayang pangyayaring ito.




## PANIMULANG PAGSUSULIT:

Panuto: Sagutin ang pangwakas na pagsusulit. Iwasto nang may katapatan at ibigay sa guro ang sagutang papel. Isulat sa patlang ang tamang sagot sa mga katanungan.

______ 1. Alin sa mga sumusunod ang hindi kabilang sa halimbawa ng mga salik ng globalisasyon?

A. malayang kalakalan
B. paglaganap ng multinational corporation
C. mga bagong buwis sa imported na produkto
D. mga bansang nagkakaisa sa APEC, AFTA at GATT
E. mga bagong pamamaraan ng transportasyon at komunikasyon

______ 2. Alin sa mga sumusunod ang negatibong epekto ng globalisasyon sa ekonomiya?

A. paglaganap ng iba't ibang uri ng terorismo
B. patuloy na pagdami ng maliliit na digmaan sa loob ng bansa
C. paglawak ng agwat ng mga mayayaman at mahihirap
D. pagsulpot ng mga bagong sakit katulad ng AIDS at SARS
E. paglikha ng mga bagong pamamaraan sa pagpatay ng maramihan, o mga "*weapons of mass destruction*"

______ 3. Ang *Medium Term Philippine Development Plan* ni Pangulong Joseph Estrada ay mas kilala sa tawag na ______________.

A. *Strong Republic*
B. *10-point Agenda*
C. Angat Pinoy 2004
D. *Philippines 2000*
E. Bagong Lipunan

______ 4. Aling grupo ng mga Muslim na rebelde ang nakipagkasundo sa pamahalaang Ramos at winakasan na ang halos ilang dekada ng pakikipaglaban sa pamamagitan ng armadong pakikibaka?

A. *National Democratic Front*
B. *Moro Islamic Liberation Front*
C. *Moro National Liberation Front*
D. *Reform the Armed Forces Movement*
E. Hukbo ng Bayan Laban sa mga Hapon

______ 5. Siya ang babaeng *star witness* na nagpahayag ng mga nakagigimbal na testimonya laban kay Pangulong Estrada noong panahon ng *Impeachment Trial.*

A. Clarissa Ocampo
B. Gloria Macapagal-Arroyo
C. Corazon Aquino
D. Miriam Defensor-Santiago
E. Edgardo Espiritu

______ 6. Maraming pagkakahawig ang makasaysayang *EDSA People Power Revolution* na nangyari noong 1986 at 2001. Alin sa mga sumusunod ang **HINDI** tama?

A. Parehong aktibong nakilahok ang simbahang katoliko.
B. Parehong babeng pangulo ang pumalit kay Marcos at Estrada.
C. Parehong mapayapa ang pamamaraang ginamit ng taong bayan.
D. Parehong sinuportahan ito ng military at nakararaming tao sa bansa.
E. Parehong dumanak ang dugo at nakapaminsala ng buhay at ari-arian.

______ 7. Alin sa mga sumusunod ang pinakamahalagang katangiang dapat taglayin ng isang pangulo ng bansa?

A. Ang Pangulo ay dapat na nagtataguyod ng kabutihan ng lahat ng kasapi ng kanyang partido, relihiyon, at kamag-anak.

B. Ang Pangulo ay dapat na maka-Diyos, makabayan, makatao, at makakalikasan.
C. Ang Pangulo ay dapat na maging isang instrumento ng panloloko, panunuhol, at pang-aabuso sa kapangyarihan.
D. Ang Pangulo ay hindi dapat na nakikialam sa pagpaplano ng kaunlarang pang-ekonomiya ng bansa.
E. Ang Pangulo ay hindi dapat na nagtataguyod ng pagpapabuti at pagpapatatag ng pamilyang Pilipino.

______ 8. Ang unang araw ng malakihang pagtitipon ng mga tao sa *EDSA Shrine* upang hingin ang pagbibitiw ni Pangulong Estrada ay ______________.

A. Enero 17, 2001
B. Enero 18, 2001
C. Pebrero 21, 2001
D. Pebrero 22, 2001
E. Pebrero 22, 1986

______ 9. Alin sa mga sumusunod and hindi kabilang sa *10-point agenda* ng programang pang-ekonomiya ni Pangulong Arroyo?

A. Paglikha ng 6 na milyong trabaho
B. Pagpapatayo ng mga bagong paaralan at pabahay
C. Pagpapatupad ng automation ng pambansang halalan
D. Positibong pagtatapos ng mga usapang pangkapayapaan
E. Pagsugpo ng krimen at karahasan

______ 10. Bakit mahalagang tangkilikin ng mga Pilipino ang mga produktong gawa sa Pilipinas?

A. Upang magkaroon ng maraming mapagkakakitaan ang mga negosyanteng Pilipino.
B. Dahil walang bibili ng produktong Pilipino kundi Pilipino din.
C. Dahil sa Pilipinas mo lang mabibili ang mga gawang Pilipino.

D. Dahil sa mas mura ang mga panindang gawa dito.
E. Dahil maraming kalaban sa ibang bansa ang produkto natin

______ 11. Sa ilalim ng *Philippines 2000*, ninanais nito na umunlad ang kalidad ng buhay ng lahat ng Pilipino sa pagsapit ng ika-21 siglo sa pamamagitan ng tatlong mahahalagang pamamaraan. Ano-anu ang mga pamamaraang ito?

*A. people's empowerment, global competitiveness, sustainable development*
*B. people's empowerment, global competitiveness, decentralization*
*C. people's empowerment, global competitiveness, mass housing*
*D. people's empowerment, food security, sustainable development*
*E. people's empowerment, reduced crime rate, sustainable development*

______ 12. Siya ang dating Gobernador ng Ilocos Sur na tumestigong sinuhulan niya si Pangulong Estrada ng 8 milyong dolyar na galing sa sugal na jueteng at kurakot mula sa buwis sa tabako.

A. Imelda Marcos
B. Imee Marcos
C. Bongbong Marcos
D. Chavit Singson
E. Edno Joson

______ 13. Sino sa mga sumusunod na mahahalagang katauhan sa EDSA DOS ang hindi kabilang sa mga nanguna sa unang *EDSA People Power Revolution* ?

A. Jaime Cardinal Sin
B. Fidel Ramos
C. Corazon Aquino
D. Gloria Macapagal-Arroyo
E. Walang sa pagpipilian ang sagot.

______ 14. Siya ang Punong Hukom ng Kataastaasang Hukuman na nangasiwa ng pagsumpa ni Gloria Macapagal-Arroyo bilang ika-14 na pangulo ng Pilipinas.

A. Cecil Muñoz Palma
B. Julio Tehankee
C. Haidee Yorac
D. Hilario Davide
E. Marcelo Fernan

______ 15. Alin sa mga sumusunod ang mga nakakasagabal na puwersa (*restraining forces*) upang makamit ng bansa ang isang pambansang pagkakaisa?

A. Pagkakaiba-iba ng kultura, relihiyon at pampulitikang pananaw
B. Pagkakaroon ng malinaw na programang pang-ekonomiya
C. Pagtutulungan ng mga lider ng EDSA 1, 2 at 3 para sa kaunlaran
D. Pakikipagtulungan ng simbahan at *media* sa pamahalaan
E. Pagiging seryoso ng pamahalaan sa usapang pangkapayapaan

______ 16. Si Pangulong Fidel Valdez Ramos ay nanungkulan mula 1992 hanggang

A. 1996
B. 1998
C. 2000
D. 2001
E. 2004

______ 17. Alin sa mga sumusunod na imprastraktura ang HINDI naipatayo sa ilalim ng panunungkulan ni Pangulong Ramos?

*A. Circumferential Road (C5)*
*B. Manila Skyway*

*C. Ninoy Aquino International Airport II (NAIA II)*
*D. Roll on-Roll off (RORO)*
*E.* Bagong LRT *System*

______ 18. Nakilala siya sa mga pahayag na patok sa masa. Noong kanyang inagurasyon bilang ika-13 pangulo ng bansa, binigkas niya ang mga katagang ito na lalong nagpalapit sa kanyang loob sa masa: "Huwag niyo akong subukan!"

A. Fidel Ramos
B. Gloria Macapagal-Arroyo
C. Joseph Estrada
D. Ferdinand Marcos
E. Ramon Magsaysay

______ 19. Mga Ilang araw at ilang gabi tumagal ang malakihang pagtitipon ng sambayanang Pilipino noong una at pnagalawang *EDSA People Power Revolution* ?

A. 3 araw at 3 gabi
B. 4 na araw at 4 na gabi
C. 5 araw at 5 gabi
D. 6 na araw at 6 na gabi
E. 7 araw at 7 gabi

______ 20. Alin sa mga sumusunod ang mga nakakatulong na pwersa (*driving forces*) upang makamit ng bansa ang isang pambansang pagkakaisa?


A. Pagkakaiba-iba ng kultura, relihiyon at pampulitikang pananaw
B. Pagiging sakim sa kapangyarihan
C. Pandaigdigang suliranin sa terorismo at kalikasan
D. Pagsusulong ng pansariling interest sa pulitika at ekonomiya
E. Pagiging seryoso ng pamahalaan sa usapang pangkapayapaan

**ARALIN 1**

**ANG PILIPINAS SA PANAHON NG GLOBALISASYON AT PANDAIGDIGANG PAGBABAGO**



Tatalakayin natin sa bahaging ito ang iba't ibang salik na bumubuo sa globalisasyon at iba pang mahahalagang pagbabago sa kalakarang pampulitika, pang-ekonomiya, panlipunan at pangteknolohiya sa buong daigdig. Tutukuyin sa aralin ang mga positibo at negatibong epekto ng globalisasyon sa isang papaunlad na bansa katulad ng Pilipinas.



Pagkatapos ng aralin, inaasahang magagawa mo ang sumusunod:

1. Mabibigyang kahulugan ang salitang globalisasyon;
2. Matutukoy ang mga positibo at negatibong epekto ng globalisayon sa pulitika, ekonomiya, at pagtuklas ng bagong teknolohiya; at
3. Maipaliliwanag ang kahalagahan ng pagtangkilik sa mga produktong gawa sa Pilipinas.



**Gawain 1: Pag-isipan Mo!**

***Panuto:*** Ang Kolum A ay mga kagamitang na karaniwan nating nakikita sa araw-araw. Sa Kolum B ay mga *brand names* o pangalan ng kumpanya na gumagawa ng mga produktong nakasulat sa kabila. Pagtugmain ang dalawang kolumn sa pamamagitan ng pagguhit ng isang tuwid na linya.

| **Kolum A** | **Kolum B** |
|---|---|
| 1. *Computer* | A. *Microsoft* |
| 2. *Cell phones* | B. Swatch |
| 3. Relo | C. CNN at BBC |
| 4. Telebisyon | D. Toyota |

5. Kotse E. Nokia

**Ang Globalisasyon**

Ang mga pangalan ng kumpanya na nakalista sa naunang pagsasanay ay ilan lamang sa mga kumpanya na makikita sa iba't ibang bansa sa buong mundo kasama na rito ang Pilipinas. Ito ay isang mukha ng globalisasyon. Ang **globalisasyon** ay bagong anyo ng malayang kalakalan, pagpapalitan ng produkto, impormasyon at tao dahil sa pag-unlad ng teknolohiya sa komunikasyon at transportasyon. May iba't ibang positibo at negatibong epekto ang globalisasyon sa larangan ng pulitika, ekonomiya at teknolohiya. Ilan sa mga halimbawa nito ay ang mga sumusunod:

**Mga Positibo at Negatibong Epekto ng Globalisasyon**


| **Iba't Ibang Salik ng Globalisasyon** | **Positibong Epekto ng Globalisasyon** | **Negatibong Epekto ng Globalisasyon** |
|---|---|---|
| **Globalisasyong Pampulitika** | Patuloy na pamamayagpag ng demokrasya sa mga dating komunistang bansa.<br><br>Pagkakaisa ng mga bansa sa pamamagitan ng APEC, ASEAN, WHO at UN.<br><br>Ang pagtatapos ng *Cold War* o labanang US at USSR. | Paglaganap ng iba't ibang uri ng terorismo katulad ng pambobomba sa World Trade, *nerve gas attack* sa Tokyo, *suicide attack*, pambobomba sa Bali, Indonesia.<br><br>Patuloy na pagdami ng *internal armed conflicts* o mga giyerang maliliit sa loob ng isang bansa katulad ng sa Pilipinas, Sri Lanka, Northern Ireland, Israel, at Colombia. |
| | Pagkakaroon ng maraming | *Global warming* at pagkasira |

| | | |
|---|---|---|
| **Globalisasyon sa Ekonomiya** | mapagpipiliang produktong galing sa ibang bansa<br><br>Paglaganap ng mga bagong pamamaraan sa paggawa at kalakalan katulad ng *multinational corporations, call centers* at *export processing zones*. | ng *ozone layer* dulot ng industriyalisasyon.<br><br>Patuloy na panghihimasok ng mga mayayamang bansa sa pampulitikang kalakaran ng maliliit na bansa sa pamamagitan ng WB at IMF.<br><br>Kahirapang dulot ng paglawak ng agwat ng mayayaman at mahihirap (*Social Inequality*) |
| **Globalisasyon sa Teknolohiya** | Pagpapabilis ng komunikasyon at paglalakbay sa pamamagitan ng *internet, texting, cable media.*<br><br>Paglago ng iba't ibang sangay ng agham na nakakatulong sa pagtuklas ng iba't ibang gamot sa sakit, gaya ng genetic engineering. | Paglikha ng mga makabagong pamamaraan ng pagpatay katulad ng *chemical* at *biological weapons*.<br><br>Pagsulpot ng mga panibagong nakamamatay na sakit katulad ng AIDS, SARS at *Drug Addiction.* |



**Gawain 2 : Pagpapalalim ng Kaalaman**

***Panuto***: Suriin ang *editorial cartoon* na katha ni Pol Medina. (nalathala sa *Philippine Daily Inquirer* noong Pebrero 3, 2002*).* Pagkatapos ay sagutin mo ang sumusunod na katanungan sa ibaba.




*Mga Katanungan*

1. Ano ang mga bagay at katauhan na nakikita mo sa editorial cartoon sa itaas?______________________________________________________

2. Anu-ano ang sinisimbolo ng bawat bagay at katauhan?____________________________________________________

3. Ano ang mensahe ng gustong ipahatid ng gumuhit ng editorial cartoon tungkol sa ating kaugalian, panlasa at pamimili ng kagamitan bilang mga Pilipino?__________________________________________________



**Tandaan Mo!**

- Ang globalisasyon ay isang pandaigdigang pagbabago sa kalakarang pang-ekonomiya, pampulitika at panlipunan bunsod ng mga makabagong natuklasang teknolohiya.
- Ang globalisasyon ay nakatutulong sa malayang pagpasok ng produkto, impormasyon, tao at salapi mula sa isang bansa patungo sa iba pang mga bansa. Subalit nagbubunsod ito ng paglawak ng agwat ng mga mayayaman at mahihirap na bansa (*social inequality*), kahirapan, suliraning pangkalikasan, at maliliit na giyerasa loob ng mga bansa.



**Gawain 3: Paglalapat**


*Panuto:* Maraming pagbabagong naganap sa pagpasok ng dekada nubenta sa buong mundo bunsod ng globalisasyon. Ang patuloy na pag-unlad ng teknolohiya ay nakaatutulong sa paglikha ng mga bagong pamamaraan ng pangangalakal, komunikasyon at paglalakbay. Dahil dito, dumarami ang napagpipilian ng mga tao sa pamilihan katulad ng damit, pagkain, sine at maging mga kagamitan katulad ng *cellphone* at *computer*. Sumulat ng tatlong kahalagahan ng pagtangkilik sa mga produktong gawa dito sa ating bansa.

1. ________________________________________________
2. ________________________________________________
3. ________________________________________________

**ARALIN 2**
***PHILIPPINES 2000*** **AT ANG PILIPINAS SA PAMAMAHALA NI PANGULONG FIDEL V. RAMOS (1992-1998)**



Sa unang aralin, napag-aralan mo ang iba't ibang pagbabagong naganap sa pagpasok ng dekada nubenta at ang epekto nito sa pulitika, ekonomiya at pagtuklas ng mga bagong teknolohiya. Dito sa ikalawang aralin, ating pag-aaralan mo naman ang mga hamon at suliraning kinaharap ng ating bansa sa sa mga panahong ito sa ilalim ng pamumuno ni Pangulong Fidel Valdez Ramos.



Pagkatapos ng aralin, inaasahan na magagawa mo ang mga sumusunod:

1. Matutukoy ang mahahalagang hamon at suliraning kinaharap ng pamahalaan sa pamumuno ni Pangulong Fidel Valdez Ramos; at
2. Maipaliliwanag ang mga mahahalagang programang ipinatupad ng pangulo upang masugpo ang kahirapan, problema sa kapayapaan, kalikasan, atbp.



**Gawain 1: Pag-isipan Mo!**

***Panuto:*** Sagutin mo ang mga katanungan na makikita sa dalawang kahon upang mabuo ang palaisipan. Sundin ang bilang 1-7 sa pagsagot ng mga tanong

| | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|
| **1** B | | **6** G | | **5** O | | | **7** B |
| | | | | **2** F | | | |
| | | | | | | | |
| | **3** N | | | | | | |
| | | | | | | | |
| **4** P | | | | | | | |
| | | | | | | | |
| | | | | | | | |

**Pahalang**
1. Malakas at nakapipinsalang ulan
2. Pangalan ng binitay na kababayan natin sa Singapore
3. Pambansang paliparan ng Pilipinas
4. Bulkan sa Zambales na pumutok at lumikha ng malaking perwisyo

**Pababa**
5. Tawag sa mga nagtatrabaho sa ibang bansa
6. Kaparehong kahulugan ng digmaan
7. Pagkawala ng kuryente

**Mga Suliraning Kinaharap ng Pamahalaang Ramos**

Ang iyong mga sagot sa palaisipan ay ilan lamang sa samu't saring suliranin na hinarap ni Pangulong Fidel Ramos noong siya ay nanungkulan noong 1992. Ang panahon mula 1980 hanggang 1992 ang tinatawag na *lost generation in Philippine economy* dahil halos *zero growth rate* ang naitala sa ekonomiya ng Pilipinas noong panahong iyon. Dagdag pa nito ang mga suliranin katulad ng kahirapan at karahasang dulot ng patuloy na pamamayagpag ng mga rebeldeng grupo sa kanayunan katulad ng New People's Army (NPA), Moro National Liberation Front (MNLF), Moro Islamic Liberation Front (MILF) at ang Reform the Armed Forces Movement (RAM). Nagkaroon din ng sunud-sunod na *brownout* na halos tumatagal ng walo hanggang labing-dalawang oras sa isang araw.Bukod dyan, namayani ang  mga monopolyo, cartel at mga elitistang nagmamay-ari ng mga negosyo.

Nabanggit natin sa naunang aralin na sa mga panahong ito, ang mga karatig-bansa sa Asya katulad ng Taiwan, Malaysia, Singapore, Korea at Thailand ay buhay na buhay ang ekonomiya dala ng pagpasok ng mga makabagong sistemang pangkabuhayan katulad ng liberalisasyon at pag-sasapribado ng mga paraan ng paggawa o *means of production*. Sinamantala ni Pangulong Ramos ang pagkakataon na ibinigay sa kanya ng mga Pilipino bilang bagong pinuno ng bansa sa pamamagitan ng pagkakaroon ng mga konkretong layunin, plano at programang pang-ekonomiya na tinawag niyang *Philippines 2000.*

**Ang *Philippines 2000***

Sa ilalim ng *Philippines 2000*, ninais ng pamahalaang Ramos na umunlad ang kalidad ng buhay ng lahat ng Pilipino sa pagsapit ng ika-21 siglo sa pamamagitan ng tatlong mahahalagang pamamaraan. Ito ay ang *people's empowerment*, *sustainable development* at *global competitiveness*. Maraming mga naging magagandang resulta ang mga programa ni Pangulong Ramos sa ilalim ng *Philippines 2000*.

Ito ay ang mga sumusunod:


1. Ang matagumpay na kampanya para sa ***kapayapaan*** na nagpanumbalik ng tiwala ng mga rebeldeng MILF at RAM sa pamahalaan. Dahil sa kasunduang pangkapayapaan na inayunan ng pamahalaan at mga rebelde, nakatanggap si Pangulong Ramos ng UNESCO Peace Prize noong 1997.

2. Ang panunumbalik ng sigla ng ***ekonomiya*** sa pamamagitan ng pagwasak sa mga monopolyo at kartel na naging dahilan ng hindi pag-unlad ng bansa. Mula 1993 hanggang 1997, ang ekonomiya ay nakapagtala ng 5% *average growth rate* kahit na nakaranas tayo noong mga panahong iyon ng *Asian financial crisis*.

3. Ang pagpapaibayo sa pag-aalis ng matinding kahirapan ay sinimulan sa pamamagitan ng *Social Reform Agenda.* Napalawak ang pagpapahatid ng ***panlipunang serbisyo*** katulad ng *primary health care*, edukasyon, pabahay, puhunan sa negosyo, at employo.

4. Napabuti rin ang pagpapatayo ng mahahalagang ***imprastraktura*** katulad ng 36,050 kilometrong daanan at 45,464 metro ng mga tulay. Naipatayo din sa panahong ito ang *circumferential road* o C-5, dalawang bagong LRT *systems*, *Manila Skyway*, *Ninoy Aquino International Airport* o NAIA II at mga dagdag na international airport pang-internasyonal sa Subic, Clark, General Santos City at Zamboanga City.

**5.** Patuloy na pangangalaga sa ***kalikasan*** sa ilalim ng *National Integrated Protected System* (NIPAS) katulad ng Tubathala at Apo *reefs*, Boracay, at ang *Ifugao Rice Terraces*.



**Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman**

***Panuto:*** Sagutin ang mga sumusunod na katanungan. Isulat sa talahanayan ang tamang sagot.

1. Ano mga programa ni Pangulong Fidel Ramos na nakatulong ng malaki sa pagsugpo ng mga problema sa kapayapaan, panlipunang serbisyo, ekonomiya, imprastraktura at kalikasan?
2. Sa mga programang iyong nailista sa tsart, alin ang pinaka-mahalaga para sa iyo? Isulat ang bilang 1 hangang bilang 5 sa pangatlong kolum. Ang 5 ang pinakamataas na marka at ang 1 ang pinakamababa.

| Suliranin | Programa | Alin ang Pinakamahalaga? |
|---|---|---|
| 1. Problema sa Kapayapaan | | |
| 2. Problema sa Ekonomiya | | |
| 3. Problema sa Pagbibigay ng Serbisyong Panlipunan | | |
| 4. Problema sa Imprastratura | | |
| 5. Problema sa Pangangalaga sa Kalikasan | | |



**Tandaan Mo!**

- Ang mga programa ni Pangulong Ramos sa larangan ng ekonomiya, kapayapaan, pagsugpo ng kahirapan, pagpapatayo ng mga imprastraktura at pangangalaga sa kalikasan ay ilan lamang sa mga mahahalang istratiheya ng *Philippines 2000*.

- Nilayon ng *Philippines 2000* na paunlarin ang buhay ng mga Pilipino sa pamamagitan ng tatlong pamamaraan: *people's empowerment, sustainable development*, at *global competitiveness.*

- Naging mahalagang layunin ng Pamahalaang Ramos ang pangangalaga sa kalikasan.



**Gawain 3: Paglalapat**

Sa iyong palagay, bakit dapat unahing lutasin ang mga usaping pangkapayapaan at problema sa ekonomiya bago pa man ang ibang problema ng bansa?

____________________________________________

____________________________________________

____________________________________________


____________________________________________

**ARALIN 3**

## "ERAP PARA SA MAHIRAP" – ANG PILIPINAS SA PANAHON NI PANGULONG JOSEPH ESTRADA (1998-2001)



Napag-aralan natin sa ikalawang aralin ang mga programang pangkabuhayan ni Pangulong Ramos. Sa araling ito, ating pag-aaralan ang mga hamon na hinarap ni Pangulong Joseph Ejercito Estrada hanggang sa pagtatapos ng kanyang panunungkulan dulot ng EDSA DOS.



Pagkatapos ng aralin, ikaw ay inaasahang makagagawa ng mga sumusunod:

1. Matutukoy ang mahahalagang hamon at suliraning kinaharap ng pamahalaan sa pamumuno ni pangulong Joseph Ejercito Estrada;
2. Mailalarawan ang mahahalagang pangyayaring naganap sa buhay ni Pangulong Estrada mula kapanganakan hanggang sa pagtatapos ng kanyang panunungkulan bilang pangulo; at
3. Matutukoy ang kahalagahan ng pagpili ng isang pinunong kwlipikado may kakayahan, at may kagandahang-asal.



**Gawain 1: Pag-isipan Mo!**

Panuto: Maaaring hindi mo pa kilala ng lubos si Pangulong Estrada bilang pinuno. Susuriin natin ang katangian niya bilang isang pangulo batay sa dalawang pahayag na ito na ating kinuha sa kanyang mga talumpati. Anu-ano kaya ang mga katangian niya? Magbigay ng tatlong katangiang iyong maiisip.

*"Tawagin n'yo akong bobo, ngunit huwag n'yo akong tawaging 'corrupt'!*
**- Joseph Ejercito Estrada,** Pangulo ng Pilipinas noong 2001

*"Huwag n'yo akong subukan!"*
**- Joseph Ejercito Estrada,** Pangulo ng Pilipinas noong 1998

*Mga Katangian ni Pangulong Joseph Estrada bilang Pinuno*

1. ____________________________________________
2. ____________________________________________
3. ____________________________________________

**Ang Pamahalaang Estrada**

Ipinanganak si Erap o Joseph Ejercito Estrada noong Abril 18, 1937 sa Tondo, Maynila. Isa siyang bantog na artista at naging alkalde ng San Juan nang may 16 na taon simula 1969. Pansamantala siyang nawala sa pulitika dulot ng mga pagbabago ng *EDSA People Power Revolution* Revolution, subalit muling nanungkulan hindi bilang alkalde bagkus bilang senador at pangalawang pangulo ni Pangulong Fidel Ramos. Noong 1998, nahalal siyang Pangulo ng Pilipinas, isa sa pinakamalaking mandato na nakuha ng isang pangulo sa kasaysayan ng halalan sa Pilipinas.

Sa pagsisimula ng kanyang panunungkulan, samut-sari ang mga suliraning kanyang kinaharap katulad ng pagbaba ng piso dala ng *Asian financial crisis*, malawakang tagtuyot (El Niño), malaking pagbaha (La Niña), at mga isyu ng kurapsyon sa pamahalaan. Ito ay kanyang tinugunan sa pamamagitan ng kanyang programang pangkabuhayang tinawag na "ANGAT PINOY 2004" kung saan ang mga mahihirap ang naging sentro ng patakarang pangkaunlaran. Ngunit maraming puna ang natanggap niya sa pamamaraan ng kanyang panunungkulan katulad ng pagkakaroon ng *midnight cabinet*, at paglalasingsa hatinggabi kasama ng kanyang mga kaibigan sa Malacañang. Pinuno ang mga peryodiko ng mga balita ng malawak na suhulan, pangungurakot, pabahay para sa mga querida, at ang hindi pakikipagmabutihan ni Pangulong Estrada sa mga alagad ng *media* at simbahan.

**Ang Impeachment ni Pangulong Estrada**

Noong Oktobre 9, 2000, isiniwalat ni Luis 'Chavit' Singson, Gobernador ng Ilocos Sur at kaibigan ni Pangulong Estrada, na sinuhulan niya ang pangulo ng 8 milyon dolyar na nanggaling sa sugal na jueteng, at mahigit 2 milyong dolyar na kurakot mula sa buwis sa tabako. Napakabilis ng mga pangyayari pagkatapos ng imbestigasyon ng kongreso tungkol sa mga ulat ng suhol at pagkaltas ng buwis. Naging sunud-sunod na ang pagbibitiw sa tungkulin ng mga kasapi sa gabinete ni Pangulong Estrada. Noong Disyembre 7, 2000, sinimulan ng mga senador sa Batasang Pambansa, sa pamumuno ni Hilario Davide Jr., Punong Hukom ng *Philippine Supreme Cour,* ang paglilitis ka Estrada. Ang mga paratang:


1. Pagtanggap ni Pangulong Estrada ng 8.5 milyong pisong suhol mula sa mga nagpapasugal

2. Pangungurakot ni Pangulong Estrada ng 2.7 milyong piso mula sa buwis sa tabako

3. Paghadlang ni Pangulong Estrada sa pag-uusig sa isang kaibigan sa ng *Securities and Exchange Commission* sa salang pandaraya sa *stock market*

Marami ang tumestigo laban kay Pangulong Estrada. Kabilang dito sina Edgardo Espiritu, dating kalihim ng pananalapi, at si Clarissa Ocampo. Ang pinakatanyag at nakagigimbal na pahayag ay nagmula kay Clarissa Ocampo, Bise Presidente ng Equitable-PCI Bank na nagpatotoong pumirma si Pangulong Estrada sa pangalang Jose Velarde sa mga papeles ng 10 milyong pisong pautang. Kasama sa mga dokumento mula sa PCI ay isang envelop na nais buksan ng 10 kinatawan ng Batasan [*House representatives*] na tagapag-usig [*prosecutor*] sa impeachment. Magpapatunay daw na mahigit 63 milyong dolyar ang naipon ni Jose Velarde sa iba't ibang deposito sa PCI.


Natalo ng 11 senador na kampi kay Pangulong Estrada ang mga pabor na buksan ang envelop. Sumama ang mga natalong senador sa libu-libong tao na nagsimulang magkumpulan sa dambana ng EDSA o *EDSA shrine* upang manawagan kay Estrada na lisanin na ang Malacañang.



**Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman**

***Panuto:*** Buuin ang *Time Line* sa pamamagitan ng pagsulat sa kahon ng pinakamahalagang nangyari sa buhay ni Pangulong Estrada sa taong nabanggit.

**Mga Piling Kaganapan sa Buhay ni Pangulong Estrada Bilang Pinuno**






**Tandaan Mo!**

- Si Joseph Estrada o "Erap Para sa Mahirap" ay nagmula sa pagiging actor at naging alkalde, senador, pangalawang pangulo at pangulo ng Pilipinas.
- Hindi niya natapos ang kanyang panunungkulan dahil sa malawakang suliranin sa pangungurakot at katiwalian sa pamahalaan sa ilalim ng kanyang panunungkulan.
- Siya ang kauna-unahang pangulong nalitis sa *Impeachment* subalit ito ay hindi natapos dahil sa pag-aaklas ng mga tao na kilala sa tawag na EDSA DOS.



**Gawain 3: Paglalapat**

**Panuto:** Piliin sa mga sumusunod na pangungusap ang mga katangiang dapat mong isaalang-alang sa pagpili ng isang pangulo ng bansa sa pamamagitan ng pagsulat ng TSEK (✓)at EKIS (×) sa mga katangiang hindi dapat taglayin ng isang pinuno.

- ❑ Ang Pangulo ay dapat na may katangi-tanging personal na integridad.
- ❑ Ang Pangulo ay dapat na nagtataguyod ng kabutihan ng lahat lamang ng kasapi ng kanyang partido, relihiyon, at kamag-anak.
- ❑ Ang Pangulo ay maka-Diyos, makabayan, makatao, at makakalikasan.
- ❑ Ang Pangulo ay dapat na maging isang instrumento ng panloloko, panunuhol, at pag-aabuso sa kapangyarihan.
- ❑ Ang Pangulo ay dapat na kwalipikado upang pamunuan ang pag-unlad ng bansa pambansang ekonomiya.
- ❑ Ang Pangulo ay dapat na may matapat na paninindigan sa pagsisiguro ng kapayapaan at kaayusan para sa sambayanang Pilipino.
- ❑ Ang pangulo ay dapat na may taimtim na paggalang sa karapatang pantao at karapatang sibil ng lahat.
- ❑ Ang Pangulo ay hindi dapat na nagtataguyod ng pagpapabuti at pagpapatatag ng pamilyang Pilipino.

**ARALIN 4**

**EDSA NA NAMAN! PILIPINAS SA NAGBABAGONG ANYO NG PULITIKA AT PAMUMUNO**

Napag-aralan natin sa Aralin 3 ang mga kaganapan sa dalawang taong panunungkulan ni Pangulong Joseph Estrada hangang sa pagsisimula ng makasaysayang EDSA DOS. Sa araling ito, ating pag-aaralan ang mga mahahalagang pangyayari sa EDSA DOS. Susuriin din natin ang pagkakatulad nito sa unang *EDSA People Power Revolution Revolution*.

Pagkatapos mong gawin ang lahat ng pagsasanay sa aralin, ikaw ay inaasahang:

1. Makapaghahambing ng mga pagkakatulad ng unang *EDSA People Power Revolution* at ng EDSA DOS.
2. Makapaglalarawan ng mga katangian ng mga pangulong pinatalsik ng *EDSA People Power Revolution* 1 at 2.

**Gawain 1 : Pag-isipan Mo!**

***Panuto:*** Suriin ang isa pang *editorial cartoon* na katha ni Pol Medina *(Nalathala sa Philippine Daily Inquirer.)* Pagkatapos ay sagutin ang mga sumusunod na katanungan.



*Mga Katanungan*:

1. Ano ang mga bagay at katauhan na nakikita mo sa editorial cartoon? ______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________

2. Anu-ano ang sinisimbolo ng bawat bagay at katauhan? ____________
______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________
___________________________________________

3. Ano ang mensaheng gustong ipahatid ng gumuhit ng editorial cartoon tungkol sa mga mahahalagang nangyari sa ating kasaysayan noong Pebrero 1986 at Enero 2001? ______________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________

**Ang EDSA Uno at EDSA Dos**


Labinlimang taon halos ang agwat ng unang EDSA at ikalawang EDSA. Sa dalawang mahahalagang pangyayaring ito sa ating kasaysayan, tayo ay naging saksi noong Pebrero 22, 1986 at Enero 17, 2001 sa dalawang halos magkatulad na pagpapatalsik sa mga pangulo ng bansa. Ang Pilipinas ay lumaya sa dalawampung

taong diktadurya sa panunungkulan ni Pangulong Ferdinand Marcos at sa dalawang taong pamamahala ni Pangulong Joseph Estrada. Parehong tumagal ng halos apat na araw at apat na gabi ang mapayapang pagpapahayag ng damdamin at saloobin ng sambayanang Pilipino sa saliw ng musika, panalangin, bulaklak, at rosaryo.

Pinamunuan ng dalawang dating pangulo, sina Cory Aquino at Fidel Ramos; ni Gloria Macapagal Arroyo, pangalawang pangulo; at ni Cardinal Jaime Sin, ang araw-araw at gabi-gabing panawagan ng mga tao na magbitiw na si Pangulong Estrada sa pwesto. Nagwagi ang mga kaalyado ni Pangulong Estrada na hindi pabuksan ang mga envelop na nagtataglay ng mahahalagang ebidensya laban sa malawakang kurapsyong kinasasangkutan ng pangulo. Subalit ito ay ikinagalit ng sambayanan. Bumuhos ang tao sa EDSA mula sa iba't ibang panig ng bansa, mayaman at mahirap. Iisa ang nais nila: maalis sa pwesto ang isang tamad, babaero at magnanakaw na pangulo.

Unti-unting nawalan ng suporta si Pangulong Estrada hindi lamang sa mga taong unang nagluklok sa kanya kundi pati sa kanya mismong mga gabinete. Noong Enero 19, 2001, ipinaalam ni General Angelo Reyes, pinuno ng sandatahang lakas ng Pilipinas, kay Estrada na kumampi na ang mga sundalo sa mga taong nagrarally sa EDSA. Dahil ditto, nagpasya nang umalis si Pangulong Estrada mula sa Malacañang.

Kasama ang pamilya, nilisan ni Estrada kinabukasan ang Malacañang, Noon ay Enero 20, 2001. Pumirma siya sa isang sulat ng pagbibitiw na isinulat ng oposisyon para sa kanya. Nang makapananghalian noong araw na iyon, nanumpa sa harap ni Hilario Davide Jr., Punong Hukom ng *Philippine Supreme Court,* si Gloria Macapagal Arroyo bilang pangulo ng Pilipinas kapalit ni Joseph Ejercito Estrada.



**Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman**

***Panuto:*** Suriin ang mga datos mula sa survey ng Social Weather Station hinggil sa paniniwala ng mga Pilipino sa pamumuno ni Pangulong Marcos at Pangulong Estrada. Pagkatapos ay sabihin kung ang mga pangungusap ay **TAMA o MALI.** Isulat ang inyong sagot sa nakalaang puwang sa baway bilang.

________ 1. Si Pangulong Estrada ay pinaniniwalaang mas tagapagtangol ng mahihirap at api kaysa kay Pangulong Marcos.

________ 2. Si Pangulong Marcos ay pinaniniwalaang mas mapagmahal sa mga kaibigang yumaman sa pangungurakot ng pondo ng gobyerno kaysa kay Pangulong Estrada.

________ 3. Bilang pangulo, si Erap ay mas tapat sa tungkulin kaysa kay Marcos.

________ 4. Malaki ang paniniwala ng mga tao na mas sinungaling at mapanlinlang si Erap kaysa kay Marcos.

________ 5. Si Erap ay mas mapagpakumbabang pangulo kaysa kay Marcos.

________ 6. Pinaniniwalaan ng mas nakararami na si Pangulong Estrada ay mas magnanakaw ng yaman ng bayan kaysa kay Pangulong Marcos.

| MGA KATANGIAN NG DALAWANG DATING PANGULO NG PILIPINAS: | % WHO AGREE | % WHO DISAGREE |
|---|---|---|
| **TAGAPAGTANGGOL NG MAHIHIRAP AT API** | | |
| Marcos, Mayo 86 | 41 | 54 |
| Erap, Enero 27.01 | 42 | 52 |
| **MAPAGMAHAL SA MGA KAIBIGANG YUMAMAN SA PANGUNGURAKOT NG PONDO NG GOBYERNO** | | |
| Marcos, Mayo 86 | 73 | 22 |
| Erap, Enero 27.01 | 66 | 29 |
| **TAPAT SA TUNGKULIN NG ISANG MAKABANSANG PANGULO** | | |
| Marcos, Mayo 86 | 33 | 60 |
| Erap, Enero 27.01 | 33 | 62 |
| **MAPANLINLANG O SINUNGALING** | | |
| Marcos, Mayo 86 | 60 | 30 |
| Erap, Enero 27.01 | 51 | 39 |
| **MAPAGKUMBABANG PANGULO** | | |
| Marcos, Mayo 86 | 40 | 55 |
| Erap, Enero 27.01 | 47 | 49 |
| **MAGNANAKAW NG YAMANG BAYAN** | | |
| Marcos, Mayo 86 | 60 | 29 |
| Erap, Jan 27.01 | 48 | 41 |

***Source: Social Weather Stations***



**Tandaan Mo!**

- Ang unang *EDSA People Power Revolution  Revolution* (Pebrero 1982) at ang EDSA DOS (Enero 2000) ay maraming pagkakatulad. Ang dalawang makasaysayang pangyayari ay parehong nagpatalsik ng tiwaling pangulo sa mapayapang pamamaraan.
- Parehong babaeng pangulo ang pumalit bilang mga pangulo. Pareho din bilang sinuportahan ng sambayanang Pilipino, militar, mga miyembro ng gabinete, at simbahan sa pag-aaklas laban sa katiwalian sa gobyerno.



**Gawain 3: Paglalapat**

***Panuto:*** Paghambingin ang *EDSA People Power Revolution  Revolution* noong 1986 at EDSA DOS noong 2001 sa pamamagitan ng pagsagot sa tsart na nasa ibaba.

| Paghahambing | EDSA – 1986 | EDSA - 2001 |
|---|---|---|
| **Pangulong Pinatalsik sa Posisyon** | | |
| **Dahilan** | | |
| **Pamamaraan** | | |
| **Pumalit na Pangulo** | | |
| **Mga Taong may Mahahalagang Papel** | | |


**ARALIN 5**

**TUNGO SA ISANG MATATAG NA REPUBLIKA:**

**PILIPINAS SA PAMAMAHALA NI PANGULONG GLORIA MACAPAGAL-ARROYO (2001 – KASALUKUYAN)**



Napag-aralan mo sa Aralin 4 ang mga pangyayari bago naluklok bilang pinuno ng bansa si Pangulong Gloria Macapagal-Arroyo. Sa araling ito pag-aaralan mo naman ang mga hamon na kanyang kinaharap at ang mga planong programa na kanyang itinaguyod sa kanyang bagong administrasyon upang makamit ang pambansang pagkakaisa.



Pagkatapos ng aralin, ikaw ay inaasahang:

1. Makatutukoy ng mahahalagang hamon at suliraning kinaharap ng pamahalaan sa mga unang taon ng pamumuno ni Pangulong Gloria Macapagal-Arroyo;
2. Maipaliliwanag ang mga mahahalagang programa ng Pangulong Arroyo sa ilalim ng 10-point agenda ng kanyang pamahalaan; at
3. Masusuri ang mga salik sa pagkakamit ng pambansang pagkakaisa sa pamamagitan ng *force field analysis*.



**Gawain 1: Pag-isipan Mo!**

***Panuto:*** Suriin ang mga titik ng awiting *Heal our Land* na nilikha ni Fr. Carlos Magno Marcelo at inawit ni Jamie Rivera. Pagkatapos ay sagutan mo ang mga katanungan sa ibaba.

***INTRO***

*If my people will humble themselves*
*Humble themselves and pray*
*If they seek my face and humble themselves*
*And turn from their wicked ways*

***REFRAIN 1***
*I will hear from heaven and forgive their sins*
*I will hear from heaven and heal their land*

***CHORUS***
*Lord, heal our land*
*Father, heal our land*
*Hear our cry and turn our nation back to You*
*Lord, heal our land*
*Hear us oh, Lord, and heal our land*
*Forgive our sin and heal our broken land*

*Lord, we vow our knee, we humble ourselves*
*Humble ourselves and pray*
*Lord, we seek your face and humble ourselves*
*And turn from our wicked ways*

***REFRAIN 2***
*Father in Your mercy, forgive our sins*
*Father in Your mercy, come heal our land*

*[Repeat CHORUS twice]*

***CODA***
*(Lord, heal our land*
*Father, heal our land)*
*Hear our cry and heal our broken land*

Mga Katanungan

1. Ano ang mga panalanging ipinaabot ng taong gumawa ng awitin? ___
   ____________________________________________
   ____________________________________________
   ____________________________________________

2. Kanino kaya iniaalay ng may akda ang awiting ito? ________________
   ____________________________________________
   ____________________________________________
   ____________________________________________
   ____________________________________________

**Ang Panunungkulan ni Pangulong Arroyo**

Ang awiting *Heal Our Land* ay naging sikat na awitin noong panahon ng EDSA DOS. Maraming nagsasabi na kung ang “Magkaisa” ni Verna Liza ang theme song ng unang *EDSA People Power Revolution* ang *Heal Our Land* naman ang sa EDSA DOS. Ang panalangin sa awiting ito ay akmang-akma sa pag-uumpisa ng panunungkulan ni


Pangulong Arroyo. Hating-hati ang bansa dahil na rin sa mga suliraning idinulot ng EDSA DOS. Ipinahuli si Pangulong Estrada at ikinulong. Bunga nito, marami sa mga tagasuporta ni Pangulong Estrada ang nagpahayag ng pagtutol sa pamamahala ng bagong kauupo pa lamang na pangulo. Ito ay natunghayan ng bansa ilang buwan matapos manumpa sa panunungkulan si Pangulong Arroyo. Nagtangka ang ilang taga-suporta ni Pangulong Estrada na salakayin ang Malacañang noong Mayo uno bilang ganti ng mga mahihirap na masa sa sinapit na pagkakakulong ng kanilang idolo. Tinawag nila itong EDSA 3.

KInaharap din ni Pangulong Arroyo ang mga iba pang suliranin sa loob at labas ng bansa katulad ng *Oakwood Mutiny* o pag-aalsa ng ilang militar, pagbagsak ng ekonomiya ng Estados Unidos kaalinsabay ang ekonomiyang pandaigdig, ang pagbomba sa *World Trade Center*. ang gera ng US at Iraq, ang takot na dulot ng SARS at ang pagkakahati ng sambayanan dahil sa pulitika (pro-Erap at anti-Erap), relihiyon (Muslim at Kristiyano), rehiyon (taga-Maynila at taga-probinsya) at antas sa buhay (mayaman at mahirap).

Bagaman naparaming problemang sinoong ang pamahalaan sa mga panahong ito, natapos din ni Pangulong Arroyo ang natirang termino ni Pangulong Estrada at muling kumandidato. Noong June 30, 2004, siya ay hinirang na ikalabing-apat na Pangulo ng Republika ng Pilipinas sa pagkapanalo niya sa pambansang halalan. Sa kanyang talumpati sa Luneta, kanyang ipinaliwanag ang *10-point agenda* ng kanyang administrasyon upang kalabanin ang lumalalang suliranin sa kahirapan at pagkakawatak-watak ng bansa o kawalan ng pambansang pagkakaisa. Ipinagpatuloy niya ang mga proyektong nasimulan ng kanyang administrasyon tatlong taon na ang nakakaraan sa ilalim ng kanyang *Medium-Term Philippine Development Plan* na kilala sa tawag na *Strong Republic*. Ang 10-point agenda ng pangulo ay ang mga sumusunod:

- Pagbubuo ng 6 na milyong trabaho sa loob ng anim na taon sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga bagong opportunidad sa mga maliliit na negosyante at pagpapaunlad ng 2 milyong ektarya ng lupang pansakahan para sa negosyong pang-agrikultura.

- Pagpapatayo ng mga bagong paaralan, silid-aralan, lamesa, upuan, libro at pagbibigay ng iskolarsyip sa mga mahihirap na pamilya;
- Pagbalanse ng pambansang badyet;
- Pagpapabilis ng pagdaloy ng kaunlaran sa kanayunan (decentralization) sa pamamagitan ng pagtatayo ng mga bagong network ng transportasyon katulad ng roll-on, roll-off at mga imprastrakturang digital.
- Pagbibigay ng mga serbisyong patubig at elektrisidad sa lahat ng barangay sa buong kapuluan.
- Paglilipat ng mga mahahalagang sentro ng pamahalaan sa Luzon, Visayas at Mindanao upang malutas ang patuloy na pagsisiksikan ng mga tao sa Metro Manila.
- Pagpapaunlad ng Clark at Subic bilang pinakamagaling na pandaigdigang sentro ng kalakalan, serbisyo, at paggawa.
- Pagpapatupad ng bilang mahusay na paraan ng pambansang halalan.
- Positibong pagtatapos ng mga usapang pangkapayapaan
- Pagkakaisa ng mga mamayang nahati sa mga kaganapan ng EDSA 1, 2, at 3.




**Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman**

***Panuto:*** Ang *Force Field Analysis* as isang paraan ng pagtataya ng mga iba't ibang pwersa na pabor at di-parbor sa pagpapatupad ng isang pagbabagong hinahangad. Ang mga pwersang ito ay kilala rin sa tawag na nakatutulong na pwersa (*driving forces*) at nakasasagabal na pwersa (*restraining forces*).

Sa pagsisimula ng panunungkulan ni Pangulong Arroyo bilang labingapat na pinuno ng bansa, isa sa kanyang pinakamahalagang nais tunguhin ay ang pagkakamit ng **pambansang pagkakaisa.** Suriin ang mga pwersang makatutulong

at pwersang makasasagabal sa pagkakamit ng pambansang pagkakaisa. Sumulat ng tig-tatatlong pwersa sa bawat kahon na nakalaan sa ibaba.




**Nakakasagabal na Pwersa sa Pagkakamit ng Pambansang Pagkakaisa**

1. ______________________________
2. ______________________________
3. ______________________________

**Nakakatulong na Pwersa sa Pagkakamit ng Pambansang Pagkakaisa**

1. ______________________________
2. ______________________________
3. ______________________________



**Tandaan Mo!**

- Iba't ibang suliranin ang hinarap ni Pangulong Gloria Macapagal-Arroyo sa panimula ng kanyang panunungkulan katulad ng malawakang pagkakawatak-watak ng mga mamamayan bunsod ng EDSA DOS at ng kahirapan. Ito ay kanyang tinugunan sa pagkakaroon ng malinaw na patakarang pang-ekonomiya na nakasaad sa kanyang *10-point agenda*.
- Sa pagkakamit ng pambansang pagkakaisa, mahalagang matukoy ng sambayanan ang mga nakakasagabal at nakakatulong na pwersa sa bansa.



**Gawain 3: Paglalapat**

***Panuto:*** Basahin at unawain mabuti ang mga sumusunod na pahayag. Lagyan ng pataas na *arrow* (➚)ang hanay na iyong sinasang-ayunan.

| | OO | HINDI |
|---|---|---|
| 1. Nakakatulong sa paglutas ng suliranin sa kahirapan ang pagkakaroon ng puhunan ang mga maliliit na negosyante? | ______ | ______ |
| 2. Magsisiksikan ang mga tao sa Maynila kapag nagpatayo ng mas maraming pagawaan, paaralan at pabahay sa mga probinsya. | ______ | ______ |
| 3. Uunlad ang bansa kung magkakaisa ang mga pinuno ng EDSA 1, 2 at 3 kabilang na ang *media*, militar, simbahan, at NGO | ______ | ______ |
| 4. Ang pandaigdigang suliranin sa terorismo ay hindi maaaring makasagabal sa pambansang pagkakaisa. | ______ | _______ |
| 5. Mapapadali ang pag-usad ng usapang pangkapayapaan kapag nabigyang solusyon ng pamahalaan ang lumalalang problema sa kahirapan. | ______ | _______ |


**Ikalawang Bahagi**
**Panuto:** Magbigay ng 5 konklusyon o paglalahatna nauugnay sa mga paksang tinalakay sa araling ito.

1. ____________________________________________
____________________________________________
2. ____________________________________________
____________________________________________
3. ____________________________________________
____________________________________________
4. ____________________________________________
____________________________________________
5. ____________________________________________
____________________________________________



**MGA DAPAT TANDAAN SA MODYUL 19**

- Ang globalisasyon ay isang pandaigdigang pagbabago sa kalakarang pang-ekonomiya, pampulitika at panlipunan bunsod ng mga makabagong natuklasang teknolohiya.
- Ang mga programa ni Pangulong Ramos sa larangan ng ekonomiya, kapayapaan, pagsugpo ng kahirapan, pagpapatayo ng mga imprastraktura at pangangalaga sa kalikasan ay ilan lamang sa mga mahahalagang estratehiya ng *Philippines 2000*.
- Si Joseph Estrada o "Erap Para sa Mahirap" ay nagsimula sa pagiging actor at naging alkalde, senador, pangalawang pangulo at pangulo ng bansa.
- Ang unang *EDSA People Power Revolution* at EDSA DOS a maraming pagkakatulad. Ang dalawang makasaysayang pangyayaring ito ay parehong nagpatalsik ng tiwaling pangulo sa mapayapang pamamaraan.
- Iba't ibang suliranin ang hinarap ni Pangulong Gloria Macapagal-Arroyo sa panimula ng kanyang panunungkulan katulad ng malawakang pagkakawatak-watak ng mga mamamayan bunsod ng EDSA DOS at ng kahirapan. Ito ay kanyang tinugunan sa pagkakaroon ng malinaw na patakarang pang-ekonomiya na nakasaad sa kanyang *10-point agenda* o *Strong Republic*.



**Pangwakas na Pagsusulit:**

Panuto: Sagutin ang pangwakas na pagsusulit. Iwasto nang may katapatan at ibigay sa guro ang sagutang papel. Isulat sa patlang ang tamang sagot sa mga katanungan.

______ 1. Sino sa mga sumusunod na mahahalagang katauhan sa EDSA DOS ang hindi kabilang sa mga nanguna sa unang *EDSA People Power Revolution* ?

A. Jaime Cardinal Sin
B. Fidel Ramos
C. Corazon Aquino
D. Gloria Macapagal-Arroyo
E. Wala sa pagpipilian ang sagot

______ 2. Mga Ilang araw at ilang gabi tumagal ang malakihang pagtitipon ng sambayanang Pilipino noong una at pangalawang *EDSA People Power* ?

A. 3 araw at 3 gabi
B. 4araw at 4 gabi
C. 5 araw at 5 gabi
D. 6 araw at 6 gabi
E. 7 araw at 7 gabi

______ 3. Ang *Medium Term Philippine Development Plan* ni Pangulong Joseph Estrada ay mas kilala sa tawag na ______________.

*A. Strong Republic*
*B. 10-point Agenda*
C. Angat Pinoy 2004
D. *Philippines 2000*
E. Bagong Lipunan

______ 4. Alin sa mga sumusunod ang mga makatutulong na pwersa (*driving forces*) upang makamit ng bansa ang isang pambansang pagkakaisa?

A. Pagkakaiba-iba ng kultura, relihiyon at pampulitikang pananaw
B. Pagiging sakim sa kapangyarihan
C. Pandaigdigang suliranin sa terorismo at kalikasan
D. Pagsusulong ng pansariling interest sa pulitika at ekonomiya
E. Pagiging seryoso ng pamahalaan sa usapang pangkapayapaan

______ 5. Aling grupo ng mga Muslim na rebelde ang nakipagkasundo sa pamahalaang Ramos at winakasan na ang halos ilang dekada ng pakikipaglaban sa pamamagitan ng armadong pakikibaka?

A. *National Democratic Front*
B. *Moro Islamic Liberation Front*
C. *Moro National Liberation Front*
D. *Reform the Armed Forces Movement*
E. Hukbo ng Bayan Laban sa mga Hapon

______ 6. Maraming pagkakahawig ang makasaysayang *EDSA People Power Revolution* na nangyari noong 1986 at 2001. Aling pangungusap ang **HINDI** tama?

A. Parehong aktibong nakilahok ang simbahang katoliko
B. Parehong babeng pangulo ang pumalit kay Marcos at Estrada
C. Parehong mapayapa ang pamamaraang ginamit ng taong bayan
D. Parehong sinuportahan ito ng militar at nakararaming tao sa bansa
E. Parehong dumanak ang dugo at nakapaminsala ng buhay at ari-arian

______ 7. Siya ang babaeng *star witness* na nagpahayag ng mga nakagigimbal na testimonya laban kay Pangulong Estrada noong panahon ng *Impeachment Trial*.

A. Clarissa Ocampo
B. Gloria Macapagal-Arroyo
C. Corazon Aquino
D. Miriam Defensor-Santiago
E. Edgardo Espiritu

______ 8. Alin sa mga sumusunod ang pinakamahalagang katangiang dapat taglayin ng isang pangulo ng bansa?

A. Ang Pangulo ay dapat na nagtataguyod ng kabutihan ng lahat lamang ng kasapi ng kanyang partido, relihiyon, at kamag-anak.
B. Ang Pangulo ay dapat na maka-Diyos, makabayan, makatao at makakalikasan.
C. Ang Pangulo ay dapat maging isang instrumento ng panloloko, panunuhol, at pang-aabuso sa kapangyarihan.
D. Ang Pangulo ay di dapat nakikialam sa pagpapaandar ng ekonomiya ng bansa.
E. Ang Pangulo ay hindi dapat na itaguyod ang pagpapabuti at pagpapatatag ng pamilyang Pilipino

______ 9. Alin sa mga sumusunod ang hindi kabilang sa halimbawa ng mga salik ng globalisasyon?

A. malayang kalakalan
B. paglaganap ng mga *multinational corporation*
C. mga bagong buwis sa produktong inaangkat
D. mga bansang nagkakaisa sa APEC, AFTA at GATT
E. mga bagong pamamaraan ng transportasyon at komunikasyon

______ 10. Alin sa sumusunod and hindi kabilang sa *10-point agenda* na programang pang-ekonomiya ni Pangulong Arroyo?

A. Paglikha ng 6 na milyong trabaho
B. Pagpapatayo ng mga bagong paaralan at pabahay
C. Pagpapatupad ng *automation* ng pambansang halalan
D. Positibong pagtatapos ng mga usapang pangkapayapaan
E. Pagsugpo ng krimen at karahasan

______ 11. Ang unang araw ng malakihang pagtitipon ng mga tao sa *EDSA shrine* upang hingin ang pagbibitiw ni Pangulong Estrada ay ______________.

A. Enero 17, 2001
B. Enero 18, 2001
C. Pebrero 21, 2001
D. Pebrero 22, 2001
E. Pebrero 22, 1986

______ 11. Bakit mahalagang tangkilikin ng mga Pilipino ang mga produktong gawa sa Pilipinas?

A. Upang magkaroon ng maraming mapagkakakitaan ang mga negosyanteng Pilipino
B. Dahil walang bibili ng produktong Pilipino kundi Pilipino din
C. Dahil sa Pilipinas mo lang mabibili ang mga gawang Pilipino
D. Dahil sa mas mura ang mga panindang gawa dito
E. Dahil maraming kalaban sa ibang bansa ang produkto natin

______ 13. Alin sa mga sumusunod ang negatibong epekto ng globalisasyon sa ekonomiya?

A. paglaganap ng iba't ibang uri ng terorismo
B. patuloy na pagdami ng maliliit na giyera sa loob ng bansa
C. paglawak ng agwat ng mga mayayaman at mahihirap
D. pagsulpot ng mga bagong sakit katulad ng AIDS at SARS
E. paglikha ng mga bagong armas o pamamaraan sa pagpatay ng maramihan o *weapons of mass destruction*

______ 14. Sa ilalim ng *Philippines 2000*, ninais ng Administrasyong Ramos na umunlad ang kalidad ng buhay ng lahat ng Pilipino sa pagsapit ng ika-21 siglo sa pamamagitan ng tatlong mahahalagang pamamaraan. Ano-anu ang mga pamamaraang ito?

A. *people's empowerment, global competitiveness, sustainable development*
B. *people's empowerment, global competitiveness, decentralization*
C. *people's empowerment, global competitiveness, mass housing*
D. *people's empowerment, food security, sustainable development*
E. *people's empowerment, reduced crime rate, sustainable development*

______ 15. Siya ang Punong Hukom ng Kataastaasang Hukuman na nangasiwa ng panunumpa ni Gloria Macapagal-Arroyo bilang ika-14 na Pangulo ng Pilipinas.

A. Cecil Muñoz Palma
B. Julio Tehankee
C. Haidee Yorac
D. Hilario Davide
E. Marcelo Fernan

______ 16. Siya ang dating gobernador ng Ilocos Sur na tumestigong sinuhulan niya si Pangulong Estrada ng 8 milyong dolyar na galing sa sugal na jueteng at kurakot mula sa buwis sa tabako.

A. Imelda Marcos
B. Imee Marcos
C. Bongbong Marcos
D. Chavit Singson
E. Edno Joson

______ 17. Alin sa mga sumusunod ang mga nakasasagabal na pwersa (*restraining forces*) upang makamit ng bansa ang isang pambansang pagkakaisa?

A. Pagkakaiba-iba ng kultura, relihiyon, at pampulitikang pananaw
B. Pagkakaroon ng malinaw na programang pang-ekonomiya
C. Pagtutulungan ng mga lider ng EDSA 1, 2 at 3 para sa kaunlaran
D. Pakikipagtulungan ng simbahan at *media* sa pamahalaan
E. Pagiging seryoso ng pamahalaan sa usapang pangkapayapaan

______ 18. Alin sa mga sumunod na imprastraktura ang HINDI naipatayo sa ilalim ng panunungkulan ni Pangulong Ramos?

A. *Circumferential road* (C5)
*B. Manila Skyway*
C. *Ninoy Aquino Intenational Airport II* (NAIA II)
D. *Roll on-Roll off* (RORO)
E. Bagong LRT System

______ 19. Si Pangulong Fidel Valdez Ramos ay nanungkulan mula 1992 hanggang

A. 1996
B. 1998
C. 2000
D. 2001
E. 2004

______ 20. Nakilala siya sa mga pahayag na patok sa masa. Noong kanyang inagurasyon bilang ika-13 Pangulo ng bansa, binigkas niya ang mga katagang ito na lalong nagpalapit sa kanyang loob sa masa “Huwag ninyo akong subukan!”

A. Fidel Ramos
B. Gloria Macapagal-Arroyo
C. Joseph Estrada
D. Ferdinand Marcos
E. Ramon Magsaysay



**GABAY SA PAGWAWASTO:**

**PANIMULANG PAGSUSULIT**

| | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|
| 1. | C | 6. | E | 11. | A | 16. | B |
| 2. | C | 7. | B | 12. | D | 17. | D |
| 3. | C | 8. | A | 13. | D | 18. | C |
| 4. | C | 9. | E | 14. | D | 19. | B |
| 5. | A | 10. | A | 15. | A | 20. | E |

**ARALIN 1 ANG PILIPINAS SA PANAHON NG GLOBALISASYON AT PANDAIGDIGANG PAGBABAGO**

**Gawain 1: Pag-isipan Mo**

Ganito ba ang iyong sagot?

| Kolum A | Kolum B |
|---|---|
| 1. *Computer* | A. Toyota |
| 2. *Cell phones* | B. Swatch |
| 3. Relo | C. Sony |
| 4. Telebisyon | D. Microsoft |
| 5. Kotse | E. Nokia |

**Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman**

Ganito ba ang iyong sagot?

1. Makikita sa editorial cartoon ang dalawang tauhan. Ang isa ay may dalang mga kagamitan at suot na damit na gawa o galing sa iba't ibang bansa sa buong mundo katulad ng France, China, Cuba, Italy atbp. Ang isang tauhan naman ay nakadamit at may dalang mga produkto na gawa sa Pilipinas.
2. Sinisimbolo ng dalawang tauhan ang dalawang mukha ng mamimiling Pilipino. Makikita sa dalawang tao ang direktang impluwensya ng malayang pakikipagkalakalan ng ating bansa sa mga bansang ng tulad ng America, mga bansa sa Europa, at mga karatig bansa dito sa Asya katulad ng Japan, China, at Saudi Arabia.

3. Ang *editorial cartoon* ay nagpapahiwatig ng isa sa pinakamahalagang pagbabago sa kalakarang pang-ekonomiya sa buong daigdig. Ipinapakita dito ang malayang pagdaloy ng produkto o kalakal ng isang bansa patungo sa iba't ibang parte ng mundo. Gayunpaman hindi natin dapat kalimutan ang mga produktong gawa dito sa ating bansa.

**Gawain 3: Paglalapat**

Ganito ba ang iyong sagot?

1. Darami ang mga taong may trabaho sa ating bansa.
2. Makatutuklas ng mga bagong teknolohiya sa paggawa ng mga produktong tinatangkilik natin.
3. Makikilala ang gawang Pilipino bilang isang magaling na produkto hindi lamang dito sa Pilipinas kundi sa ibang bansa.

**ARALIN 2 *PHILIPPINES 2000* AT ANG PILIPINAS SA PAMAMAHALA NI PANGULONG FIDEL RAMOS (1992-1998)**

**Gawain 1: Pag-isipan Mo!**

Ganito ba ang iyong sagot?

| | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|
| **1**<br>B | A | **6**<br>G | Y | **5**<br>O | | | **7**<br>B |
| | | E | | **2**<br>F | L | O | R |
| | | R | | W | | | O |
| | **3**<br>N | A | I | A | | | W |
| | | | | | | | N |
| **4**<br>P | I | N | A | T | U | B | O |
| | | | | | | | U |
| | | | | | | | T |

**Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman**

Ganito ba ang iyong sagot?

| Suliranin | Programa | Alin ang Pinakamahalaga? |
|---|---|---|
| 1. Problema sa Kapayapaan | Kasunduang Pangkapayapaan Sa pagitan ng Pamahalaan at MNLF, RAM | 5 |
| 2. Problema sa Ekonomiya | Pagwasak sa mga Kartel at Monopolyo | 4 |
| 3. Problema sa Pagbibigay ng Serbisyong Panlipunan | Pagpapatupad ng *Social Reform Agenda* | 3 |
| 4. Problema sa Imprastratura | Pagpapatayo ng mga makabagong daan, tulay, paliparan, at istasyon ng tren | 2 |
| 5. Problema sa Pangangalaga sa Kalikasan | Pagpapatupad ng *National Integrated Protected Area System* | 1 |

**Gawain 3: Paglalapat**

Maaaring ganito ang iyong sagot o katulad sa mga sagot dito.

Dapat unahin ang paglutas sa usaping pangkapayapaan sapagkat kasabay nito ay malulutas din ang problema ng kahirapan, kriminalidad, at kawalan ng matinong pampublikong serbisyo para sa mahihirap. Ito kasi ang dahilan kung bakit nagaaklas ang mga tao lalo na ang mga kapatid nating Muslim, dahil sa wala silang pagkakataong umunlad ang buhay. Kapag natugunan ng pamahalaan ang mga pangunahing pangangailangan nila, ito ang unang hakbang sa pagkakamit ng kapayapaan.

**ARALIN 3 "ERAP PARA SA MAHIRAP" - ANG PILIPINAS SA PANAHON NI PANGULONG JOSEPH ESTRADA (1998-2001)**

**Gawain 1: Pag-isipan Mo**

Ganito ba ang iyong sagot?


*Mga Katangian ni Pangulong Joseph Estrada bilang Pinuno*

1. Matapang na pinuno
2. Hindi nangungurakot
3. Kulang sa pinag-aralan pero tapat
4. May isang salita
5. May paninindigan

**Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman**

Ganito ba ang iyong sagot?

**Mga Piling Kaganapan sa buhay ni Pangulong Estrada Bilang Pinuno**




**Gawain 3: Paglalapat:**

Ganito ba ang iyong sagot?

✓ Ang Pangulo ay dapat na may katangi-tanging personal na integridad

✖ Ang Pangulo ay dapat na nagtataguyod ng kabutihan ng lahat lamang ng kasapi ng kanyang partido, relihiyon at kamag-anak.

- ✓ Ang Pangulo ay maka-Diyos, makabayan, makatao at makakalikasan.
- ✖ Ang Pangulo ay dapat maging isang instrumento ng panloloko, panunuhol, at pag-aabuso sa kapangyarihan.
- ✓ Ang Pangulo ay dapat kwalipikado upang pamunuan pagpapaunlad ng pambansang ekonomiya.
- ✓ Ang Pangulo ay dapat kwalipikado sa pagsisiguro ng kapayapaan at kaayusan ng sambayanang Pilipino
- ✓ Ang Pangulo ay dapat na may malakas na paggalang sa karapatang pantao at karapatang sibil ng lahat.
- ✖ Ang Pangulo ay hindi dapat na magtaguyod ng pagpapabuti at pagpapatatag ng pamilyang Pilipino.

**ARALIN 4 EDSA NA NAMAN! ANG PILIPINAS SA NAGBABAGONG ANYO NG PULITIKA AT PAMUMUNO**

**Gawain 1: Pag-isipan Mo!**

Ganito ba ang Iyong sagot?

1. Ang nakikita kong tauhan sa editorial cartoon ay dalawang babae; ang isang babae, ay nakaupo sa isang magarang silya at nakatingin sa pisara na animo'y itinuturo ng mas nakatatandang babae na may hawak na patpat. Sa pisara ay may nakasulat na "*Philippine History – Feb. 1986, Jan. 2001*"
2. Ang nakaupong babae ay sinisimbulo ni Pangulong Gloria Macapagal-Arroyo samantalang ang nakatayong babae ay sumisimbolo sa taong bayan na namuno sa "*EDSA People Power* ".
3. Ang mensaheng gustong ipahatid ng maykatha ng *editorial cartoon* ay: dapat matuto ang mga susunod na pangulo ng bansa katulad ni Pangulong Arroyo ng mga aral ng kasaysayan. Noong Pebrero, 1986 ay napaalis sa pamamagitan ng *People Power* si Pangulong Marcos at noong Enero 2001 naman ay si Pangulong Estrada.

**Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman**

Ganito ba ang iyong sagot?

<u>**TAMA**</u> 1. Si Pangulong Estrada ay pinaniniwalaang mas tagapagtangol ng mahihirap at api kaysa kay Pangulong Marcos.

<u>**TAMA**</u> 2. Si Pangulong Marcos ay pinaniniwalaang mas mapagmahal sa mga kaibigang yumaman sa pangungurakot ng pondo ng gobyerno kaysa kay Pangulong Estrada.

<u>**MALI**</u> 3. Bilang pangulo, si Erap ay mas tapat sa tungkulin kaysa kay Marcos.

<u>**MALI**</u> 4. Malaki ang paniniwala ng mga tao na mas sinungaling at mapanlinlang si Erap kaysa kay Marcos.

<u>**TAMA**</u> 5. Si Erap ay mas mapagpakumbabang pangulo kaysa kay Marcos.

<u>**MALI**</u> 6. Pinaniniwalaan ng mas nakararami na si Pangulong Estrada ay mas magnanakaw ng yaman ng bayan kaysa kay Pangulong Marcos.

**Gawain 3: Paglalapat**

Ganito ba ang iyong sagot?

| Paghahambing | EDSA – 1986 | EDSA - 2001 |
|---|---|---|
| **Pangulong Pinatalsik sa Posisyon** | Ferdinand Marcos | Joseph Estrada |
| **Dahilan** | 20 taon na sa pwesto; naging diktador sa panahon ng batas Marsyal. | Kurapsyon at Katiwalian sa gobyerno |
| **Pamamaraan** | Mapayapang pamamaraan katulad ng panalangin, malakihang pagtitipon sa EDSA, at pagtugtog ng musika | Mapayapang pamamaraan katulad ng panalangin, malakihang pagtitipon sa EDSA at pagtugtog ng musika |
| **Mga Pumalit na Pangulo** | Corazon Aquino | Gloria Macapagal-Arroyo |
| **Mga Iba pang Tao na may Mahahalagang Papel** | Cardinal Sin, Fidel Ramos, Juan Ponce Enrile | Cardinal Sin, Fidel Ramos, Gloria Macapagal-Arroyo, Corazon Aquino |

**ARALIN 5 TUNGO SA ISANG MATATAG NA REPUBLIKA: PILIPINAS SA PAMAMAHALA NI PANGULONG GLORIA MACAPAGAL-ARROYO (2001 – KASALUKUYAN)**


**Gawain 1: Pag-isipan Mo!**

Ganito ba ang iyong sagot?

1. Ang panalangin na hinihiling ng taong gumawa ng awitin ay ang paggamot sa suliranin ang bansa pagkaisahin ang mga tao sa bansa, at patawarin sila sa mga masasamang ginagawa.
2. Iniaalay ng may akda ang awiting ito sa bansa, sa mga taong namumuno sa pamahalaan at sa sambayanang Pilipino.

**Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman**

Ganito ba ang iyong sagot?




**Nakasasagabal na Pwersa sa Pagkakamit ng Pambansang Pagkakaisa**

1. Pagkakaiba-iba ng kultura, relihiyon at pampulitikang pananaw
2. Pagiging sakim sa kapangyarihan
3. Pandaigdigang suliranin sa terorismo at kalikasan

**Nakatutulong na Pwersa sa Pagkakamit ng Pambansang Pagkakaisa**

1. Pagkakaroon ng malinaw na programang pang-ekonomiya
2. Pagtutulungan ng mga lider ng EDSA 1, 2 at 3, simbahan, *media* at militar
3. Pagiging seryoso ng pamahalaan sa usapang pangkapayapaan

**Gawain 3: Paglalapat**

Unang Bahagi

Ganito ba ang iyong sagot?

| | OO | HINDI |
|---|---|---|
| 1. Nakatutulong sa pagsugpo ng kahirapan ang pagkakaroon ng puhunan ang mga maliliit na negosyante | ↗ | |
| 2. Magsisiksikan ang mga tao sa Maynila kapag nagpatayo ng mas maraming pagawaan, paaralan at pabahay sa mga probinsya. | | ↗ |
| 3. Uunlad ang bansa kung magkakaisa ang mga pinuno ng EDSA 1, 2 at 3, kabilang na ang *media*, militar, simbahan at NGO sa pagtulong sa pamahalaan. | ↗ | |
| 4. Ang pandaigdigang suliranin sa terorismo ay hindi maaaring makasagabal sa pambansang pagkakaisa. | | ↗ |
| 5. Mapapadali ang pag-usad ng usapang pangkapayapaan kapag nabigyang solusyon ng pamahalaan ang lumalalang problema sa kahirapan. | ↗ | |

Ikalawang Bahagi

Maaring ganito ang mga paglalahat o dili naman ay kahawig:

- Ang globalisasyon ay isang malaking pagbabagong naganap sa pagpasok ng dekada nubenta. Nakatutulong ito sa Pilipinas sapagkat malayang nakakapasok ang produkto, impormasyon, tao at salapi mula sa isang bansa subalit nagbubunsod din ito ng paglawak ng agwat ng mga mayayaman at mahihirap na bansa (*social inequality*).
- Ang mga suliraning pang-ekonomiya, pampulitika at panlipunan na hinarap nina Pangulong Ramos, Estrada, at Macapagal-Arroyo ay resulta ng mga kaganapang sa pandaigdig. Ito ay ang problema sa terorismo, kalikasan, pagbagsak ng ekonomiya ng Estados Unidos, paglaganap ng sakit na AIDS at SARS at iba pang pang nakamamatay na sakit.

- Ilan sa mga halimbawang suliranin na kinaharap ng bansa sa pamumuno nina Pangulong Ramos, Estrada at Macapagal ay ang malawakang pampulitikang pagkakawatak-watak ng bansa bunsod ng EDSA 1, 2, at 3; kahirapan; mga sakuna ng kalikasan at gawa ng tao; krimen; at kurapsyon ng mga kawani ng pamahalaan.
- Nagpatupad ang mga pamahalaang Ramos, Estrada at Macapagal-Arroyo ng mga programang pang-ekonomiya upang tumugon sa problema ng kahirapan at pambansang pagkakaisa. Ito ay nakasaad sa *Medium-Term Philippine Development Plan* na kila sa tawag na *Philippines 2000* ni Ramos, *Angat-Pinoy 2004* ni Estrada at *Strong Republic* ni Arroyo.
- Ang mahalagang aral ng EDSA 1 at 2 ay ito: Ang pagkakamit ng kalayaan laban sa diktadurya at kurapsyon ay mapagtatagumpayan kung ito ay pagtutulungan ng buong sambayanan sa pamamagitan ng mapayapang pamamaraan.

**PANGWAKAS NA PAGSUSULIT**

| | | | |
|---|---|---|---|
| 1. D | 6. E | 11. A | 16. D |
| 2. B | 7. A | 12. A | 17. A |
| 3. C | 8. B | 13. C | 18. D |
| 4. E | 9. C | 14. A | 19. B |
| 5. C | 10. E | 15. D | 20. C |